Pangalan: ________________________ Petsa: _____________ Iskor: _______


# Ang Brilyante!

**Panuto:** Ang birtud ay parang mga brilyante, nagbibigay kapangyarihan. Dapat lang itong pakinangin upang makita ng iba ang kanyang kagandahan at kapangyarihan. Anong brilyante ang gusto mong alagaan? At paano mo ito pakikinangin upang makita ang kanyang ganda at halaga. Basahin ang mga tanong at isulat ang iyong sagot sa loob ng brilyante.

1. Anong mga birtud ang gusto mong malinang sa iyo?



2. Mga paraan upang malinang ang mga birtud






**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

Pangalan: ______________________ Petsa: ____________ Iskor: ______

## Kailangan Kita!

**Panuto:** Unawaing mabuti ang sitwasyon na ipinakita sa bawat larawan. Anong mga birtud ang kailangan nila? Suriin at sagutan ang mga katanungan sa loob ng kahon.



Anong birtud ang dapat malinang sa mga batang ito? Paano sila magkakaroon ng ganoong birtud?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________




Parang binagsakan ng langit at lupa ang lalaking ito. Anong birtud ang kailangan niya sa panahong ganito? Paano mo palalakasin ang kanyang loob?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________



Nagsigawan ang dalawang magkaibigan. Hindi napigilan ang kani-kanilang emosyon. Anong birtud ang kanilang kailangan? Ikaw, anong ginagawa mong paraan para mapakalma ang sarili?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________




Nurse o pilot? Nahihirapan ang bata na mamili kung alin sa dalawa ang gusto niyang maging. Anong birtud ang kailangan nya? Paano kaya niya gagamitin ang birtud na iyan?________________________________________

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Pangalan: ______________________ Petsa: ____________ Iskor: ______



**Tiyak na Panahon: Markahan 3 Ika 3-4 Linggo**
**Kasanayan: Natutukoy ang mga birtud at pagpapahalaga sa mga simpleng gawain sa araw-araw.**

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

# Treasure Box

**Panuto :** Tukuyin kung anong birtud o pagpapahalaga ang ipinakikita sa sitwasyon. May mga pagpipilian sa loob ng kahon. Isulat ang napiling sagot sa mga patlang.




1. Si Marielle ay isang frontliner. Lakas loob siyang humaharap sa laban araw-araw. Tanging dobleng pag-iingat at pagdadasal lang ang kanyang dala-dala tuwing humarap sa mga pasyente. K______________________________
2. Nasira ng bunsong kapatid ang proyektong pinagpuyatang gawin ni Harvey. Pinigilan niya ang kanyang galit dahil batid niyang hindi alam ng kanyang maliit na kapatid ang ginawa nito. Napaiyak nalang siya. P ______________________________.
3. Nawalan ng trabaho si Daniel dahil sa pandemya, pero hindi siya nawalan ng pag-asa dahil alam niyang malalagpasan din ng pamilya niya ang pagsubok na ito. Lahat ng pwedeng pagkakakitaan sa mabuting paraan ay ginawa na niya, sinamahan pa niya ng tiwala sa sarili at pananalig sa Diyos. P______________________________.
4. Ngayon palang ay nag-iisip na si Bianca kung anong *track* sa *Senior High School* ang kanyang kukunin. Mahilig siyang mag*bake* at magluto na sinusundan lang ang *recipe book*. Pero gusto rin niyang maging doktora. Nalilito sya kung ano ba dapat ang pipiliin nya. M ______________________________
5. Tiniis ng isang amang frontliner na hindi makasama ang pamilya sa loob ng ilang araw dahil sa covid. Kuntento na lamang siyang makita sa malayo ang mga ito, hindi man lang niya makarga ang kapapanganak pa lamang na sanggol. Ayaw nya kasing magkasakit ang mga mahal niya sa buhay. P______________________________.
6. Maalaga sa hayop at halaman si Tita Pops. Ayon sa kanya kung paano natin tratuhin ang ating buhay sana ganon ang pagtrato natin sa mga hayop at halaman dahil katulad natin sila din ay may buhay. P___________________________
7. Si Paul ay bago lamang sa pagmamaneho. Maingat, maayos at sumusunod sa batas trapiko. Ayon sa kanya dapat daw ay igalang at sundin ang batas sa kalsada para na rin sa kabutihan ng lahat. M___________________________
8. Si Jane ang panganay sa magkakapatid. Gusto niya na kung anong meron siya ay meron din ang dalawa niyang kapatid. Sinisikap niyang maramdaman ng mga kapatid na pantay lang silang tatlo at walang lamangan. K ___________________.
9. Para kay Nanette ang pag-aaral ang pinakamagandang pamana sa atin ng ating mga magulang. Kaya ganoon na lamang ang kanyang pagsusunog ng kilay para makapagtapos ng pag-aaral. K__________________________.
10. Si Milmar maagang nagigising. Pagkatapos magligpit ng higaan at magdasal, diretso sa kusina para maghilamos at magsipilyo. Nag-ehersisyo, kumain ng masustansiyang pagkain at higit sa lahat hindi siya nagpupuyat. Inaalagaan niya ang kanyang kalusugan dahil ang sabi niya ang katawan daw ang ating puhunan upang maging masaya sa buhay. P______________________.



**Tiyak na Panahon: Markahan 3 Ika 3-4 Linggo**
**Kasanayan: Natutukoy ang mga birtud at pagpapahalaga sa mga simpleng gawain sa araw-araw.**

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

Pangalan: ________________________ __ Petsa: _____________ Iskor: ______

# Mali ko, Itatama Ko!

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Isulat ang **W** kung wasto ang nakasalungguhit sa pahayag at itama kung ito ay mali. Maaring palitan o dugtungan ang salitang may guhit.

| Sitwasyon | W | Pinalitan o inayos na salita (kung mali ang sagot.) |
|---|---|---|
| 1. Mahalaga na **mayroon** kang pagbabatayan bago makabuo ng pagpapasya. | | |
| 2. Ang kilos na nakakasama at paulit-ulit na ginagawa ay tinatawag na **bisyo**. | | |
| 3. Ang birtud ay **hiwalay** sa isip at kilos-loob. | | |
| **4.** Ang bawat tao ay may **magkakaibang gawi.** | | |
| 5. Ang birtud ay bunga ng **mahaba pero madaling pagsasanay.** | | |
| 6. Ang birtud ay hindi simpleng nakasanayang kilos lamang, ito ay **pinag-iisipan din.** | | |
| 7. Mas madaling matutuhan ng mga bata ang pagtuturo ng pagpapahalaga kung lagi itong **nagbabasa.** | | |
| 8. Bilang nagdadalaga/nagbibinata dapat lang na laging manalangin at humingi ng gabay **bago gumawa ng pagpapasya** upang maging tama ang pagtugon sa bawat sitwasyon. | | |
| **9.** Ang kalayaan, pagiging responsable at katarungan ay bunga ng **maingat na pagpapasya.** | | |
| 10. Ang birtud ay **taglay** ng tao mula sa kapanganakan. | | |



**(This is a Government Property. Not For Sale.)**